ANNEX "Z"

JUDICIAL AFFIDAVIT OF FRANCISCO BLANCO, JR.

The judicial affidavit of the witness was taken and recorded at the office of Roque and Butuyan Law Offices, 1904 Antel Corporate Centre, 121 Valero Street, Salcedo Village, Makati City with ATTY. GIL ANTHONY E. AQUINO conducting the examination of the witness. The witness, who has limited knowledge of the English language but is fluent in and understands Filipino, has been advised in Filipino: 1) to answer truthfully the questions being asked of him; 2) is and has been made aware that his testimony is under oath; and 3) that he may be criminally liable for perjury or false testimony on account of the answers that he will give. The questions, initially propounded in English, were translated in Filipino for the benefit of the witness. The answers of the witness in Filipino were recorded as is but translated into English in this Judicial Affidavit.

PETITIONERS' COUNSEL: Your Honor, we formally offer the testimony of witness Francisco Blanco, Jr. for the purpose of proving the following:

1. **He is a Petitioner in the instant case;**
2. **That he is the brother of the deceased Emiliano Blanco, Jr.;**
3. **That Emiliano Blanco, Jr. was killed by policemen and other men in plainclothes on 30 November 2016;**
4. **That he is a witness to the killing of Emiliano Blanco, Jr.;**
5. **That he has been receiving threats to his life and liberty by policemen from Manila Police Station 6;**
6. **Other relevant facts and his personal circumstances;**
7. **To support all the other allegations in the Petition for the Issuance of the Writ of Amparo.**

Q1. Please state your name and other personal circumstances.

(Pakisabi ang iyong pangalan at iba pang personal na impormasyon)

A1. Ako si Francisco Blanco, Jr., may palayaw na "Jhowel", nasa wastong edad at naninirahan sa 2484 Mercurio St., San Andres Bukid, Barangay 772, Maynila. Ako ay walang asawa

ngunit ako ang nag-aalaga sa isang batang nagngangalang Franco. Wala akong permanenteng trabaho at umaasa lamang sa mga panaka-nakang trabaho. Hindi ako nakapagtapos ng kolehiyo.

(I am Francisco Blanco, Jr., nicknamed "Jhowel," of legal age and residing at 2484 Mercurio St., San Andres Bukid, Barangay 772, Manila. I am single but I take care of a child named Franco. I do not have a permanent job and just take on odd jobs that come along. I was not able to finish college.)

Q2. You mentioned that you take care of a child named Franco. What is your relationship, if any, to Franco?

(Nasabi mo na nag-aalaga ka sa isang batang nagngangalang Franco. Ano ang relasyon mo, kung mayroon man, kay Franco?)

A2. Pamangkin ko si Franco. Siya ay anak ng aking kapatid na si Emiliano Blanco o "Jack Lord" na namatay sa isang umano'y Tokhang operation noong ika-30 ng Nobyembre 2016.

(Franco is my nephew. He is the son of my brother Emiliano Blanco or "Jack Lord" who died in an alleged Tokhang operation last November 30, 2016.)

Q3. On July 2016, what significant event happened with respect to your brother Jack Lord, if any?

(Nong ika-Hulyo 2016, ano ang makabuluhang nangyari sa kapatid mong si Jack Lord, kung mayroon man?)

A3. Si Jack Lord ay nag-surrender na sa police noong July 2016.

(Jack Lord already surrendered to the police last July 2016.)

Q4. How did your brother Jack Lord surrender to the police last July 2016?

(Paano ang kapatid mong si Jack Lord nag-surrender sa police noong July 2016 ?)

A4. Noong Hulyo 2016, may mga pulis na naka-uniporme na pumunta sa bahay niya na may dalang listahan. Iyon pala ay listahan ng mga drug suspects at nandoon ang pangalan niya.

Ang sabi sa kanya ay galing sa Barangay ang listahan. Pinapirma siya sa isang papel.

(Sometime in July 2016, some policemen in uniform went to his house carrying a list. It was a list of drug suspects with his name on it. He was told that the list came from the Barangay. He was asked to sign a paper.)

Q5. What happened after that, if any?

(Ano ang nangyari pagkatapos nito, kung mayroon man?)

A5. Pumunta siya sa Barangay para magtanong tungkol sa listahan. Sinabihan siya na pumunta sa presinto. Doon ay nakita niya na mayroong listahan na may litrato niya. Pagkatapos noon ay palagi na siyang nag-rereport sa Barangay tuwing pinapatawag siya.

(He went to the Barangay to inquire about the list. He was told to go to the police precinct. There, he saw a list with his picture. After that, he regularly reports to the Barangay whenever he is summoned.)

Q6. Where were you on the night of November 30, 2016?

(Nasaan ka noong gabi ng ika-30 ng Nobyembre 2016?)

A6. Noong araw na iyon, bandang alas-diyes ng gabi, pinuntahan ko ang kasintahan ko na naglalaro ng Pisonet. Nag-usap kami sa harap ng computer shop at sinabi niyang uuwi na siya.

(On November 30, at around 10:00 PM, I went to see my boyfriend who was playing Pisonet. We talked in front of the computer shop and he told me he will go home.)

Q7. What happened after that, if any?

(Ano ang nangyari pagkatapos, kung mayroon man?

A7. Pumunta ako sa bahay ng hipag ko na si Marietta Blanco. Siya ang asawa ng kapatid ko na si Roberto Blanco.

(I went to the house of my sister-in-law Marietta Blanco. She is the wife of my brother Roberto Blanco.)

Q8. Where is the house of Marietta located?

(Saan ang bahay ni Marietta?)

A8. Malapit sa bahay ko at sa bahay ni Jack Lord, halos tapat lang ng kalsada.

(Her house is located near my house and the house of Jack Lord, almost right across the street.)

Q9. Where is the house of Jack Lord located?

(Saan ang bahay ni Jack Lord?)

A9. Magkatabi ang bahay namin. Isang dingding lang na gawa sa kahoy ang naghihiwalay sa dalawang bahay.

(His house is adjacent to mine. Our houses are separated only by a wall made of wood.)

Q10. What happened when you went to the house of Marietta?

(Ano ang nangyari pagpunta mo sa bahay ni Marietta?)

A10. Sinabihan niya ako na huwag nang tumuloy sa bahay ko kasi tinotokhang daw si Jack Lord.

(She told me not to proceed to my house anymore as Jack Lord was the subject of a Tokhang operation.)

Q11. What else happened, if any?

(Ano pa ang nangyari, kung mayroon man?)

A11. Nakita ko ang nagkalat na mga pulis sa kahabaan ng kalye. Pinaalis ng mga pulis ang mga tao sa lugar namin. Pinasara nila ang mga tindahan at ang mga bintana ng mga kapitbahay. Hindi na pinadaan ang mga tricycle. Naka-kordon na ang lugar.

(I saw many policemen along the stretch of the street. The police sent away the people in our area. They ordered the stores to be closed and the windows of the neighbors to be closed as well. The tricycles were not allowed to pass through the area. They cordoned off the place.)

Q12. What did you do, if any?

(Ano ang ginawa mo, kung mayroon man?)

A12. Umakyat ako at tinanaw ko ang mga patuloy na nangyayari.

(I went upstairs and looked over to witness the events taking place.)

Q13. What did you see, if any?

(Ano ang nakita mo, kung mayroon man?)

A13. Nakita ko na may mga pinapalabas mula sa bahay ni Jack Lord.

(I saw people being let out of the house of Jack Lord.)

Q14. What else did you see, if any?

(Ano pa ang nakita mo, kung mayroon man?)

A14. May nakita akong labing-dalawa o labing-tatlong lalaki. May apat na lalakeng naka-unipormeng pang-pulis. Ang iba ay naka-sibilyan.

(I saw around twelve to thirteen men. Four policemen were in uniform. All others were in plainclothes.)

Q15. What did the men in police uniform do, if any?

(Ano ang ginawa ng mga naka-unipormeng pulis, kung mayroon man?)

A15. Nakabantay lang sila sa mga kanto.

(They were standing guard in the corners of the streets.)

Q16. What did the men in plainclothes do, if any?

(Ano ang ginawa ng mga lalakeng naka-sibilyan, kung mayroon man?)

A16. Nakita ko silang labas-pasok sa bahay ni Jack Lord.

(I saw them going in and out of the house of Jack Lord.)

Q17. What did you feel at this moment, if any?

(Ano ang naramdaman mo sa puntong ito, kung mayroon man?)

A17. Natakot ako kasi hindi ko makita kung nasaan si Franco. Natakot ako sa kung ano ang pwedeng mangyari sa bata. Natakot din ako kasi hindi ko alam kung ano ang nangyari kay Jack Lord at sa kinakasama niyang si Marie Tamayo.

(I was scared, especially since I did not see Franco. I was afraid of what could happen to the child. I was also scared because I do not know what had happened to my brother Jack Lord and his common-law wife Marie Tamayo.)

Q18. What happened next, if any?

(Ano ang sumunod na nangyari, kung mayroon man?)

A18. Nakita kong pumasok sa bahay ni Jack Lord ang tatlong lalaking naka-sibilyan.

(I saw three plainclothes men enter the house of Jack Lord.)

Q19: What happened next, if any?

(Ano ang sumunod na nangyari, kung mayroon man?)

A19. May narinig akong isang tunog na "thud," na sinundan ng dalawa, at ng isa pa. Tila putok ng baril na may silencer.

(I heard a sound "thud," followed by two more. Then I heard another "thud." It sounded like shots from a gun with a silencer.)

Q20. What else did you see, if any?

(Ano pa ang nakita mo, kung mayroon man?)

A20. Nakita ko si Marie na kinakaladkad palabas ng bahay. Nakita ko rin ang tenant nilang si Larry na kinakaladkad din palabas.

(I saw Marie dragged out of the house. I also saw Larry, a tenant in that house, get dragged out.)

Q21. What happened to Marie, if you know?

(Ano ang nangyari kay Marie, kung alam mo?)

A21. Siya ngayon ay nasa Manila City Jail at sinabihan akong siya ay may mga kasong may kaugnayan sa droga, Sec. 5 at 11 ng R.A. No. 9165.

(She is now in Manila City Jail and I was told she was charged for drug crimes, specifically for violating Sec. 5 and 11 of R.A. No. 9165.)

Q22. What happened to Jack Lord that night of November 30, 2016, if any?

(Ano ang nangyari kay Jack Lord noong gabing iyon ng ika-30 ng Nobyembre 2016, kung mayroon man?)

A22. Pinatay si Jack Lord noong gabing iyon.

(Jack Lord was killed that night.)

Q23. What else did you observe that night, if any?

(Ano pa ang napansin mo noong gabing iyon, kung mayroon man?)

A23. Napansin ko na walang dumating na SOCO.

(I noticed that the SOCO never came.)

Q24. What did you do after the incident, if any?

(Ano ang ginawa mo pagkatapos ng insidente, kung mayroon man?)

A24. Pumunta ako sa Barangay para magtanong tungkol sa insidente. Kinausap ko ang kamag-anak kong tanod, si Lorena Villapando. Tinanong ko kung nasaan ang mga kuha ng CCTV.

(I went to the Barangay to ask some questions about the incident. I talked to a Tanod who also happened to be my relative, Lorena Villapando. I asked them where the CCTV footages are.)

Q25. What was the response of the Barangay officials, if any?

(Ano ang sagot ng mga opisyales ng Barangay, kung mayroon man?)

A25. Hindi nila ako masagot. Sinabi nila na naka-patay ang CCTV noong gabing iyon, pero hindi nila maipaliwanag kung bakit.

(They could not give me any answer. They said that the CCTV was turned off that night, without offering any explanation why.)

Q26. How did you feel, if any with the killing of your brother Jack Lord?

(Ano ang naramdaman mo, kung mayroon man, dulot ng pagpatay sa kapatid mo na si Jack Lord?)

A26. Nalungkot ako sa pagkamatay ng kapatid ko. Natatakot na rin ako para sa buhay ko. Kung hindi ako pinigilan ng hipag ko na bumalik sa bahay ko, baka patay na rin ako, o 'di kaya ay nakakulong kahit wala naman akong kasalanan.)

(I am sad because I lost my brother. The incident also made me extremely scared for my life. If my sister-in-law did not stop me from going to my house, I could have ended dead too, or arrested and detained by the police, even if I was not doing anything wrong.)

Q27. What happened after the incident, if any?

(Ano ang nangyari pagkatapos ng insident, kung mayroon man?)

A27. Isang araw noong nakaraang Mayo, may mga pulis na pumunta sa lugar namin at tila may hinahanap na mga tao. May lumapit sa akin at tinanong kung ano ang pangalan ko. Nang sabihin ko ang pangalan ko, sinabi niya sa akin na "Umayos ka ha, kung ayaw mo matulad kay Jack."

(Sometime in early May this year, policemen came to our area seemingly looking for certain indioiduals. A policeman approached me and asked for my name. After learning my name, he said "Umayos ka ha, kung ayaw mo matulad kay Jack.")

Q28: How did this incident make you feel?

(Ano ang naramdaman mo dahil sa insidenteng ito?)

A28. Takot na takot ako ngayon para sa buhay ko. Ngayon ay alam ko na alam na nila kung sino ako. Pakiramdam ko ay pinagbabantaan ako kahit wala akong ginagawang masama.)

(It made me feel extremely scared for my life. It was made clear to me that they knew who I was. They made me feel threatened even if I was doing nothing wrong.)

Q29. On May 9, 2017, what significant event happened, if any?

(Nong ika-9 ng Mayo 2017, ano ang makabuluhang nangyari, kung mayroon man?)

A29. Noong ika-9 ng Mayo 2017, kasama ko ang kaibigan kong si Raul Zapanta. Kagagaling lamang namin sa Baguio kasi nagtrabaho kami bilang personal assistant para sa isang foreign guest. Nasa loob kami ng bahay ko at nakasara ang pinto. Bigla na lamang dumating ang mga pulis at dinala kami sa Manila Police Station 6 sa Sta. Ana.

(On May 9, 2017, I was with my friend Raul Zapanta. We just arrived from Baguio where we worked as personal assistants to a foreign guest. We were in my house and the door was closed. Suddenly, policemen came and brought us to Manila Police Station 6 in Sta. Ana.)

Q30. What happened after that, if any?

(Ano ang sumunod na nangyari, kung mayroon man?)

A30. Pinaghiwalay nila kami ni Raul. Hiningan ako ng pulis ng isang libong piso. Sinabi ko na wala akong pera dahil sa kinabukasan pa ako babayaran para sa trabahong ginawa ko.

(They separated me and Raul. The police asked me for P1,000.00. I told them I did not have any money as I will be collecting the payment for my services the day after.)

Q31. What else did the police say, if any?

(Ano pa ang sinabi ng mga pulis, kung mayroon man?)

A31. Sinabi ng mga pulis na malas ako at natiyempuhan nila ako doon ng ganoong oras. Sinabihan din ako na tigilan ko na ang mga gawain ko.

(The police also told me that I was unlucky that they chanced upon me in the area at that time. They also told me that I should stop my activities.)

Q32. How did you respond, if any?

(Ano ang naging sagot mo, kung mayroon man?)

A32. Sinabi ko na wala naman akong ginagawang masama. Tinanong ko kung paano ako mabubuhay ngayong kahit anong oras ay pwede nila akong damputin nang basta-basta at dalhin sa presinto.

(I told them that I was doing nothing wrong. I also asked them how I was supposed to live my life since at anytime, they can just bring me to the police station.)

Q33. What happened to your friend Raul Zapanta, if you know?

(Ano ang nangyari sa kaibigan mong si Raul Zapanta, kung alam mo?)

A33. Dahil si Raul ang may hawak ng pera, binigyan niya ng pera ang mga pulis na may halagang P40,000 cash. Pumunta pa sila sa condo ng foreign guest at binigyan pa ang mga pulis ng USD 400. Saka lang kami pinauwi.

(Since Raul had the money, he was able to give money to the police. Raul gave them P40,000 in cash. They even went to the condominium unit of the foreign guest where the police were given another USD400. We were released only after.)

Q34. How did this incident make you feel, if any?

(Ano ang naramdaman mo dahil sa insidenteng ito, kung mayroon man?)

A34. Mas natakot pa ako para sa buhay ko. Kahit sa sarili kong bahay ay hindi ako sigurado na matatahimik ako. Ang alam ko ngayon ay pwede akong hablutin kahit kailan ng mga pulis at

dalhin sa presinto. Ako ay na-harass at natatakot. Hindi na ako nabubuhay nang tahimik. Lagi na akong takot sa kung ano ang pwedeng gawin sa akin ng mga pulis.

(This incident made me fear for my life even more. I cannot even feel secure in my own home. What is clear to me is that the police can just grab me anytime and bring me to the police station even if I have not done anything wrong. It made me feel harassed and threatened. I cannot live my life in peace anymore. I am always afraid of what the police can do to me.)

Q35. On June 11, 2017, what significant event happened, if any?

(Nong ika-11 ng Hunyo 2017, ano ang makabuluhang nangyari, kung mayroon man?)

A35. Noong ika-11 ng Hunyo 2017, pumunta na naman ang mga pulis sa lugar namin. Namukhaan ko sila at alam kong sila ay taga-Station 6.

(On June 11, 2017, policemen went to our area again and passed by my house. I recognized their faces and I knew they were policemen from Station 6.)

Q36. How did this incident make you feel, if any?

(Ano ang naramdaman mo dahil sa insidenteng ito, kung mayroon man?)

A36. Mas natakot pa ako sa mga pulis. Pabalik-balik sila sa lugar namin. Pwede akong maging susunod na target gaya ng nangyari sa kapatid kong si Jack Lord.

(I became more afraid of the police. The police keep on returning to our area. I could be their next target, just like what happened to my brother Jack Lord.)

COUNSEL FOR THE PETITIONER: That is all for the witness for now, Your Honor.

IN WITNESS WHEREOF, I have hereunder affixed my signature this OCT 13 2017 th day of ~~September~~ 2017.

FRANCISCO BLANCO, JR.
Affiant
Brgy. ID 0325

SUBSCRIBED AND SWORN TO before me this OCT 13 2017 day of ~~September~~ 2017 in _____, affiant appearing before me and presenting the foregoing Judicial Affidavit, showing and presenting to me her barangay ID bearing the number 0325 valid until _____ and taking an oath before me as to the said document.

IN WITNESS WHEREOF, I have hereunder affixed my signature.

Doc. No. 104
Page No. 21
Book No. 1
Series of 2017.

JESSICA ANNE G. CO
Notary Public for Makati City
Until December 31, 2018
Appointment No. M-455
Roll No. 65444
IBP No. 014819 / Lifetime
PTR No. 5919754/ Jan. 11, 2017 – Makati
1904 Antel Corporate Centre, 121 Valero St.
Salcedo Village, Makati City

SWORN ATTESTATION OF THE LAWYER WHO CONDUCTED OR SUPERVISED THE EXAMINATION OF THE WITNESS

The undersigned, ATTY. GIL ANTHONY E. AQUINO, of legal age, single, and with law office address at ROQUE & BUTUYAN LAW OFFICES, 1904 Antel Corporate Centre, Salcedo Village, Makati City 1227, under oath, deposes and states:

1. He is the legal counsel of the Petitioner in the above-entitled case;

2. He faithfully recorded or caused to be recorded the questions he asked and the corresponding answers that the above-named witness gave;

3. Neither he nor any other person then present or assisting him coached the witness regarding the latter's answers; and

4. He conducted the examination of the witness at his law office located at ROQUE & BUTUYAN LAW OFFICES, 1904 Antel Corporate Centre, Salcedo Village, Makati City 1227.

IN WITNESS WHEREOF, I have hereunder affixed my signature this OCT 13 2017 2017.

ATTY. GIL ANTHONY E. AQUINO
Affiant

SUBSCRIBED AND SWORN TO before me this OCT 13 2017 2017 in Makati City, affiant appearing before me and, showing and presenting to me his IBP ID #65698 bearing the number ____ ____ valid until ____ ____ and taking an oath before me as to the said document.

Doc. No. 65
Page No. 21
Book No. I
Series of 2017.

JESSICA ANNE G. CO
Notary Public for Makati City
Until December 31, 2018
Appointment No. M-455
Roll No. 65444
IBP No. 014819 / Lifetime
PTR No. 5919754/ Jan. 11, 2017 – Makati
1904 Antel Corporate Centre, 121 Valero St.
Salcedo Village, Makati City